# Palabas na balita

# Inilabas ng WorkSafeBC ang espesipiko-sa-industriyang patnubay para sa susunod na yugto ng muling pagsisimula

**Richmond, B.C. (Mayo 15, 2020)** — Ang WorkSafeBC ay naglabas ng espesipiko-sa-industriyang patnubay at mga mapagkukunan para sa mga tagapag-empleyo na magpapasimulang muli ng mga operasyon bilang bahagi ng yugto 2 ng plano ng muling pagsisimula ng pamahalaang probinsiyal.

"Bawa't tagapag-empleyo ay inaatasan na magkaroon ng isang Plano ng Kaligtasan sa COVID-19 na nagsusuri ng panganib ng pagkakalantad sa kanilang lugar ng trabaho at nagpapatupad ng mga hakbang upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga manggagawa, "sinabi ni Al Johnson, Pinuno ng Mga Serbisyo sa Pag-iwas (Prevention Services) sa WorkSafeBC. "Kami ay bumuo ng kapwa pangkalahatan at espesipiko-sa-industriyang mga materyal sa pakikipagkonsulta sa mga kasosyo ng industriya at manggagawa upang tiyakin na sila ay praktikal at nauunawaan para sa mga lugar ng trabaho sa bawa't sektor."

Ang mga espesipiko-sa-industriyang patnubay at mga mapagkukunan ay makukuha ngayon para sa mga sumusunod na sektor:

- Mga restawran, mga kapehan,at mga pub
- Mga salon at mga pampersonal na serbisyo
- Real estate
- Mga pasilidad ng sining at kultura (Mga museo, mga galerya ng sining, at mga aklatan)
- Retail (Tingian)
- K-12 na Edukasyon
- Mga parke at mga panlabas na lugar
- Mga serbisyong pangkalusugan
- Pagpapayo nang personal
- Espasyo ng opisina

Ang mga espesipiko-sa-sektor na patnubay para sa pangangalaga ng bata at libangan at mga laro ay makukuha sa mga paparating na araw.

Upang dagdagan ang mga protokol para sa mga espesipikong industriya, ang WorkSafeBC ay bumuo rin ng mga pangkalahatang mapagkukunan na inilaan para sa lahat ng mga lugar ng trabaho. Kabilang sa mga ito ang: isang modelo ng plano ng kaligtasan sa COVID-19, mga poster sa lugar ng trabaho, impormasyon sa mga kasanayan sa paglilinis at kalinisan, at patnubay sa pamimili at paggamit ng mga maskara.

Ipinapaalala ng WorkSafeBC sa mga tagapag-empleyo na hindi nila kailangang magsumite ng kanilang plano ng kaligtasan para sa pagsusuri o pag-apruba. Ang mga Opisyal sa Pag-iwas ng WorkSafeBC ay, gayunpaman, magsisimula ng isang inisyatibo ng buong-panlawigang pagpapatunay at pag-inspeksyon upang masiguro na ang mga tagapag-empleyo ay mayroong mga plano sa kanilang lugar at pinananatiling ligtas ang kanilang mga manggagawa.

"Ang proseso ng pagpaplano ay dapat magsangkot ng mga manggagawa para sa kanilang input upang matiyak na ang kanilang mga alalahananin ay narinig at natugunan," sabi ni Johnson.

Ang paglalabas ng espesipiko-sa-industriyang impormasyon at mga mapagkukunan mula sa WorkSafeBC ay nakahanay sa maraming-yugtong plano ng pamahalaang probinsiyal upang muling simulan ang ekonomya. Ang WorkSafeBC ay magpapatuloy sa pagbubuo ng espesipiko-sa-industriyang impormasyon at mga mapagkukunan para sa mga susunod na yugto ng muling

pagsisimula, upang tulungan ang mga tagapag-empleyo na bumuo ng kanilang Plano ng Kaligtasan sa COVID-19 nang maaga sa muling pagbubukas.

Kung may mga katanungan ang mga manggagawa at tagapag-empleyo o nangangailangan ng karagdagang tulong sa pagbabawas ng panganib ng paghahatid ng COVID-19 sa kanilang lugar ng trabaho, maaari nilang tawagan ang Linya ng Impormasyon sa Pag-iwas ng WorkSafeBC sa 1-888-621-7233 upang makipag-usap nang diretso sa isang opisyal sa pag-iwas upang makatanggap ng payo at direksyon.

Ang WorkSafeBC ay naglulunsad rin ng isang kampanyang pangkamalayan bilang suporta sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho habang ang mga pagbabawal ay inaangat at mas maraming mga negosyo ay nagpapasimulang muli ng mga operasyon. Ang pambuong-lalawigan, maraming-wikang kampanya ay magtutuon sa kung paano nakakatulong ang malusog at ligtas na mga lugar ng trabaho sa isang ligtas at malusog na lalawigan. Ang mga tagapag-empleyo at mga manggagawa ay hihikayatin na gamitin ang mga mapagkukunan at impormasyon sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho at pag-iwas sa COVID-19 sa worksafebc.com. Kabilang sa kampanyang pangkamalayan ang radyo, TV, karatula sa labas ng bahay, digital, at panlipunan.

Ang espesipiko-sa-industriyang patnubay at mga mapagkukunan at makukuha sa online sa: https://www.worksafebc.com/en/about-us/covid-19-updates/covid-19-returning-safe-operation.

-30-

**Para sa karagdagang impormasyon:**
Mga Relasyon sa Media ng WorkSafeBC
Tel: 604-276-5157
media@worksafebc.com